
5

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 5: Pagkakaisa sa Pagtatapos ng Gawain



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao– Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 5: Pagkakaisa sa Pagtatapos ng Gawain**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyulna ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Glenda T. Navato, Maria Fe P. Alas

**Editor:** Caridad P. BaginonShiela Adona, Teodorico C. Peliño Jr.

**Tagasuri:** Juliet L. Lim, Gretel Laura M. Cadiong, David C. Alcober, Lita V. Jongco
Jennifer M. Dejarlo-Alvior

**Tagaguhit:** Crisanto Lopera, Jingerlou D. Inot

**Tagalapat:** Gualberto R. Gualberto Jr.

**Tagapamahala:**

Ramir B. Uytico
Arrnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Amenia C. Aspa
Mariza S. Magan
Edgar Y. Tenasas
Mark Chester Anthony G. Tamayo
Gretel Laura M. Cadiong
Ranulfo L. Baay
Juliet L. Lim

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region No. VIII**
Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 - 323 - 3156
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 5: Pagkakaisa sa Pagtatapos ng Gawain

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao-5** ng *Alternative Delivery Mode* (ADM) Modyul para sa araling **Pagkakaisa sa Pagtatapos ng Gawain**.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Edukasyon sa Pagpapakatao-5** ng *Alternative DeliveryMode* (ADM) Modyul ukol sa **Pagkakaisa sa Pagtatapos ng Gawain**.

Ang modyul na ito ay ginawabilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ngisang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upangmapagtibayang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulatang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawainsa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



## Alamin

Naranasan mo na bang magtrabaho mag-isa sa bahay man o sa paaralan? Ano ba ang pakiramdaman kung mag-isa ka lang? Maliit man o malaki ang gawain basta't sama-sama ay magaan ito.

Pamilyar ka ba sa kantang *"No man is an Island"*? Oo, walang sinumangnabubuhay na nag-iisa. Kailangan natin ang isa't isa upang mabuhay bilang panlipunan na nilalang. Sa pakikiisa, naipababatid mo ang iyong pagmamahal at pagmamalasakit sa kapuwa. Dito mo rin maipakikita ang iyong halaga bilang bahagi ng pangkat.

Ang pagkakaisa ay magandang ugali na dapat mong matututuhan. Nagbibigay-daan ito sa pagtatamo at ikatatagumpay ng layunin ng anumang gawain.

Ang sumusunod na mga layunin ang tatalakayin sa modyul na ito: Nakapagpapatunay na mahalaga ang pagkakaisa sa pagtatapos ng gawain.

- Nakalalahok ng masigla sa anumang proyekto ng pangkat na kinabibilangan;
- Nakapagpapakita ng kusang-loob na pakikiisa sa mga gawain;
- Naisasagawa ang pagtulong upang madaling matapos ang gawain.



## Subukin

Piliin sa **Kolum B** ang ibig sabihin ng pahayag na nasa **Kolum A**.
Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

| **Kolum A** | **Kolum B** |
|---|---|
| 1. paggawa ng di inuutusan | a. tungkulin |
| 2. nakatakdang proyekto | b. pagtutulungan |
| 3. kooperasyon sa gawain | c. pagkukusa |
| 4. samahan | d. pagkakaisa |
| 5. pagtatapos ng gawain | e. gawain |
| 6. inaasahang gampanin | f. katarungan |
| 7. nais na makamtan sa paggawa | g. pangkat |
| 8. sama-samang paggawa | h. tagumpay |
| 9. pahayag ng pagmamalasakit | i. layunin |
| 10. pagbibigay sa kapuwa sa nararapat | j. pakikilahok |

| Aralin 1 | Pagkakaisa sa Pagtatapos ng Gawain |
|---|---|

Ang tao ay panlipunang nilalang. Nabubuhay siya kasama ang kapuwa. Kaya, mahalaga na matuto siyang makipag-ugnayan sa tao. Ang ugnayang kaniyang binubuo ay tinatawag na pakikipagkapuwa-tao. Ang pagiging tapat ay pagiging matuwid. Ito ang daan upang madaling malunasan ang anumang suliraning kinakaharap.

## *Balikan*

Pag-aralan ang mga larawan sa ibaba. Ano-anong katangian kaugnay sa pagkakaisa ang kailangan sa pagtupad ng gawain? Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

*Paggawa ng proyekto*



Photo credit: Jennifer M. Dejarlo-Alvior, MT-II SDO Biliran

*pagpupulong*



Photo credit: Jennifer M. Dejarlo-Alvior, MT-II SDO Biliran

*pagtatanghal*



Photo credit: Jennifer M. Dejarlo-Alvior, MT-II SDO Biliran

1.________________ 2. _______________ 3. ________________

## *Tuklasin*

Basahing mabuti ang kuwento at sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

| |
|---|
| Ang pangkat ni Ben ay inatasan ng kanilang guro sa Araling Panlipunan na magpakita ng isang katutubong sayaw. Bilang lider ng grupo, kaagad nagpatawag si Ben ng pagpupulong sa kanilang mga kasama. Lahat sila ay may kani-kaniyang gawain na dapat gampanan. Kaagad naman nilang ginawa ang mga ito ng may pagkukusa.<br><br>Sa araw ng kanilang pagtatanghal ay naging maganda ang kanilang presentasyon. Lahat ay napahanga lalong-lalo na ang kanilang guro. Tinanong sila kung paano nila ito nagawa ng maayos sa maikling panahon. Napangiti lamang si Ben at sumagot ng maikling tugon, "Ang tingting kapag pinagsama-sama ay nagiging matibay". |

Mga Tanong:

1. Ano ang katangiang ipinakita ng pangkat ni Ben?

   ______________________________________________

2. Paano ginampanan ni Ben ang kaniyang tungkulin bilang lider ng grupo?

   _____________________________________

3. Ano kaya ang maaaring mangyari kung hindi tumulong ang mga kasapi ng grupo sa kanilang gawain?

   _____________________________________

4. Kung ikaw ay bahagi ng pangkat ni Ben, ano ang mararamdaman mo? Bakit?

   _________________________________________________

5. Ipaliwanag ang kasabihan, "Ang tingting na pinagsama ay nagiging matibay".

   ________________________________________________________

## Suriin

Ang pagkakaisa ay makatarungang kilos. Bakit? Kasi, sa pakikiisa, ibinibigay mo sa kapuwa kung ano ang nararapat. Kung kaya mahalaga ito sa pagtatapos ng anumang gawain. Patunay na may pagkakaisa sa pangkat ang pag-iral ng ***pagtutulungan, pakikilahok at pagkukusa***.

May *pagtutulungan* kung sama-sama ang lahat sa paggawa upang matamo ang layunin. Anumang gawain, basta't tulong-tulong ang bawat miyembro, ay magiging magaan ito.

Bawat miyembro ng pangkat ay may mahalagang tungkulin na dapat gawin. Ang pagpapahalaga sa tungkulin ay naipababatid sa pakikilahok at pagkukusang-loob.

Ang *pakikilahok o kooperasyon* ay pahayag ng pagsuporta sa ikatatagumpay ng gawain. Tanda rin ito ng pagpapahalaga sa iniatas na tungkulin sa pangkat. Mas malalim ang kahulugan ng pakikilahok kung ito ay kinusa. Ang *pagkukusa o bolunterismo* ay malayang pagkilos o pagganap para sa kabutihang panlahat. Patunay ito sa pagmamahal at pagmamalasakit mo sa iyong gawain at kapangkat.

Malaki man o maliit, ang iyong ambag sa pagtatapos ng isang gawain o proyekto ay may halaga.

## Pagyamanin

Iguhit ang masayang mukha ☺ kung ang pahayag sa ibaba ay nagpapakita ng pagkakaisa sa paggawa at malungkot na mukha ☹ kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Pagdalo sa mga pagpupulong ng mga miyembro ng pangkat.
2. Pakikilahok sa palitan ng opinyon kung paano gagawin ang proyekto.
3. Pagsasaliksik sa silid-aklatan kung paano higit na mapabubuti ang paggawa.
4. Patuloy na paglalaro samantalang gumagawa ng proyekto ang mga kasamahan.
5. Pakikinig sa opinyon ng ibang miyembro ng pangkat.
6. Pagsunod sa utos ng pinuno ng pangkat.
7. Pamimintas sa ideya ng kasama.
8. Pagtulong sa kasama na tapusin ang bahagi nito sa proyektong ginagawa pagkatapos gawin ang sariling bahagi.
9. Pagtatago ng mga materyal na kailangan upang hindi magamit ng kasama.
10. Pagbati sa mga kasama kapag natapos ang proyekto.



# *Isaisip*

Paano mo mapatutunayan na mahalaga ang pagkakaisa sa pagtatapos ng gawain? Punan ang bawat patlang upang mabuo ang tamang kasagutan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Ang anumang gawain basta may (_________isa) ay madaling matapos. Kapag namamayani ang diwa ng (______tu_______) sa pangkat, gumagaan ang gawain. Mapagtatagumpayan ang proyekto o gawain sa (paki______________) sa pagtamo ng layunin nito. Dapat mong mabatid na ang bawat miyembro ay may mahalagang (___________lin) na dapat gampanan. Ang (_____ku________ )o boluterismo sa paggawa ng isang proyekto ay nagpapalalim sa kahulugan ng diwa ng pakikiisa.



# *Isagawa*

Pumili ng <u>isa</u> sa sumusunod na gawain na makapagpapatunay ng iyong pakiisa sa pagtatapos ng gawain. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

**Gawain A**. Gumawa sa iyong sagutang papel ng Talaan ng mga gawaing iyong nilahukan o kusang naisagawa sa loob ng isang Linggo na ikinasisiya ng iyong kapangkat o kapamilya. Palagyan ito ng puna at lagda sa iyong magulang o guro na makapagpapatunay sa katotohanan ng iyong paggawa. Maaaring sundin ang mga nakatalang *rubrics* sa ibaba.

| Pakikiisa sa Pagtatapos ng Gawain | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Petsa | Ginampanang tungkulin | Lugar na Pinangyarihan | Bunga o Resulta | Lagda |
| Hal. May 26, 2020 | Paghuhugas ng pinagkainan sa tanghalian | Bahay ng tita | Natuwa si tita dahil nakapagpahinga siya | |
| | | | | |

Maaaring gawing gabay ang *rubrics* sa ibaba.

| **Kraytirya/Pamantayan sa Pagsasagawa ng Talaan** | **(Puntos)** | | |
|---|---|---|---|
| | **10** | **8** | **6** |
| **1. Nilalaman**<br>- May kaugnayan sa paksa<br>- Makatotohanan<br>- Kumpleto ang mga bahaging hinihingi | Lahat ng pamantayan ay naipamamalas. | Dalawa lang sa mga pamantayan ay naipamamalas. | Isa lang sa mga pamantayan ay naipamamalas. |
| **2. Malikhaing Presentasyon**<br>- Organisado/maayos na pagkakasunod-sunod sa mga datos<br>- Maayos, malinis/malinaw<br>- Akma ang mga materyales na ginamit | Lahat ng pamantayan ay naipamamalas. | Dalawa lang sa mga pamantayan ay naipamamalas. | Isa lang sa mga pamantayan ay naipamamalas. |
| **3. *Timeliness*** | Naisasagawa/ naipapasa bago o ayon sa takdang panahon | Naisasagawa/ naipapasa dalawang linggo pagkatapos ng takdang panahon | Naisasagawa/ naipapasa ng lagpas sa dalawang linggo pagtakatapos ng |
| **Kabuuan** | **10- 100%**<br>**9.5-9.9- 99%**<br>**9.0-9.4 96%** | **8.5-8.9 93%**<br>**8.0-8.4 90%**<br>**7.5- 7.9 87%**<br>**7.0-7.4 84%** | **6.5-6.9 81%**<br>**6.1-6.4 78%**<br>**6.0 75%** |

**Gawain B**. Lumikha ng isang simpleng *photojournal* ng iyong karansan sa pakikiisa sa isang gawain o proyekto. Ang iyong *photojournal* ay dapat na maglalaman ng sumusunod:

1. *Cover page*: Isulat ang
   - Pamagat ng Proyekto o Gawain, *hal. Gulayan sa Paaralan, Birthday Celebration*, etc.;
   - Asignatura
   - Baitang at seksyon,
   - Pangalan mo
   - Pangalan ng iyong guro
2. Nilalaman
   - Mga larawan ng iyong ginagawang pakikiisa
   - Magbigay ng maikling paglalarawan sa iyong ginagawa at petsa kung kalian ito ginanap
3. Pagninilay (isang talata na may di bababa sa 5 pangungusap)
   - Gumawa ng maikling pahayag ng iyong nararamdaman sa karanasan sa pakikiisa sa gawain o proyekto. Ipaliwanag kung bakit iyon ang iyong naramdaman.

Maaaring gawing gabay ang *rubrics* sa ibaba.

| **Kraytirya/Pamantayan sa Pagsasagawa ng *Photojournal*** | **(Puntos)** | | |
|---|---|---|---|
| | **10** | **8** | **6** |
| **1. Nilalaman**<br>□ May kaugnayan sa paksa ang larawan<br>□ Makatotohanan<br>□ Kumpleto ang mga bahaging hinihingi | Lahat ng pamantayan ay naipamamalas. | Dalawa lang sa mga pamantayan ay naipamamalas. | Isa lang sa mga pamantayan ay naipamamalas. |
| **2. Malikhaing Presentasyon**<br>□ Organisado/maayos na pagkakasunod-sunod sa mga datos<br>□ Maayos at malinis<br>□ Akma ang mga materyales na ginamit | Lahat ng pamantayan ay naipamamalas. | Dalawa lang sa mga pamantayan ay naipamamalas. | Isa lang sa mga pamantayan ay naipamamalas. |
| **3. *Timeliness*** | Naisasagawa/ naipapasa bago o ayon sa takdang panahon | Naisasagawa/ naipapasa dalawang linggo pagkatapos ng takdang panahon | Naisasagawa/ naipapasa ng lagpas sa dalawang linggo pagtakatapos ng takdang |
| **Kabuuan** | **10- 100%**<br>**9.5-9.9- 99%**<br>**9.0-9.4 96%** | **8.5-8.9 93%**<br>**8.0-8.4 90%**<br>**7.5- 7.9 87%**<br>**7.0-7.4 84%** | **6.5-6.9 81%**<br>**6.1-6.4 78%**<br>**6.0 75%** |



## *Tayahin*

Basahin ang mga pangungusap. Isulat sa sagutang papel kung **TAMA** o **MALI** ang diwang isinasaad nito.

1. Mahalagang bahagi ng ikatatagumpay ng isang proyekto ang pagkakaisa.
2. Ang pagkakaniya-kaniya ng mga miyembro ng pangkat ay makabubuti sa lahat.
3. Dapat ang lider ng pangkat ang laging masusunod.
4. Kailangang pagplanuhan muna ang gagawing proyekto bago umpisahan.
5. Mahalaga sa pangkat ang opinyon ng bawat miyembro.
6. Ang pakikilahok ay pagpapahalaga sa iniatas na tungkulin.
7. Ang pagkakaisa ay maaari ring maipakita sa tahanan.
8. Huwag ipaalam sa pangkat ang kakayahan para hindi mautusan.
9. Huwag punahin ang mali ng miyembro sa harap ng nakararami
10. Sa anumang gawain, kumilos lamang kung may parangal.

# ***Karagdagang Gawain***

A. Isulat kung anong samahan sa paaralan ang iyong kinabibilangan. Alamin ang mga proyektong tumutugon sa layunin ng samahan. Isulat din kung paano makikiisa dito ang mga miyembro ng samahan. Kung sakaling hindi ka pa miyembro, isulat kung anong samahan ang nais mong salihan.

Pangalan ng Samahan

Layunin: ________________________________________

Proyekto: _______________________________________

Tungkulin ng Miyembro: ___________________________

B. Pumili ng isa:

1. Gumawa ng *video* ng aktwal na pakikilahok sa isang gawain ng pangkat.
2. Pumili ng isang awit na nagpapahayag ng kahalagahan ng pakikiisa sa pagtatagumpay sa isang gawain o proyekto. I-*record* ito habang iyong inaawit (pwedeng solo mo itong gawin o kasama ang mga kaibigan o kapangkat). Maaaring gawing gabay ang *rubrics* sa ibaba.

| **Kraytirya/Pamantayan sa Pagsasagawa ng *Video* o *Recording*** | **(Puntos)** | | |
|---|---|---|---|
| | **10** | **8** | **6** |
| **1.Nilalaman**<br>□ May kaugnayan sa paksa<br>□ Makatotohanan<br>□ Ayon sa *Child Protection Policy* ng DepEd at *Cyber Safety Law* | Lahat ng pamantayan ay naipamamalas. | Dalawa lang sa mga pamantayan ay naipamamalas. | Isa lang sa mga pamantayan ay naipamamalas. |
| **2.Malikhaing Presentasyon**<br>□ Organisado/maayos na pagkakasunod-sunod sa mga datos<br>□ Maayos, malinis/malinaw<br>□ Akma ang mga materyales na ginamit | Lahat ng pamantayan ay naipamamalas. | Dalawa lang sa mga pamantayan ay naipamamalas. | Isa lang sa mga pamantayan ay naipamamalas. |

| 3. ***Timeliness*** | Naisasagawa/ naipapasa bago o ayon sa takdang panahon | Naisasagawa/ naipapasa dalawang linggo pagkatapos ng takdang panahon | Naisasagawa/ naipapasa ng lagpas sa dalawang linggo pagtakatapos ng takdang panahon |
|---|---|---|---|
| **Kabuuan** | **10- 100%**<br>**9.5-9.9- 99%**<br>**9.0-9.4 96%** | **8.5-8.9 93%**<br>**8.0-8.4 90%**<br>**7.5- 7.9 87%**<br>**7.0-7.4 84%** | **6.5-6.9 81%**<br>**6.1-6.4 78%**<br>**6.0 75%** |

***Mga Tala para sa Guro***

Ipaunawa sa mag-aaral ang pagsasaalang-alang sa **DepEd *Child Protection Policy* ng DepEd at *CyberSafety Law*** sa pagsasagawa ng proyekto.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. c
2. e
3. j
4. g
5. h
6. a
7. i
8. b
9. d
10. f

**Balikan**

1. Larawan A- pagkamatulungin
2. Larawan B- pakikisama
3. Larawan C- pakikilahok

**Tuklasin**

1. Nagtutulungan, nagkakaisa
2. Kaagad nagpatawag ng pagpupulong sa kanilang mga kasama at nagbigay ng mga dapat gawin.
3. Hindi niya magagawa ng maayos ang kanilang sayaw
4. Masaya, matuwa, mag-enjoy, feel proud-dahil naging maganda ang kanilang presentasyon
5. (maaring iba-iba ang sagot)

**Pagyamanin**

1. ☺
2. ☺
3. ☺
4. ☹
5. ☺
6. ☺
7. ☹
8. ☺
9. ☹
10. ☺

**Isaisip**

1. Pagkakaisa
2. Pagtutulungan
3. Pakikilahok
4. tungkulin
5. Pagkukusa

**Isagawa**

Rubrics

**Tayahin**

1. TAMA
2. MALI
3. MALI
4. TAMA
5. TAMA
6. TAMA
7. TAMA
8. MALI
9. TAMA
10. MALI

## *Sanggunian*


Alvior, Jennifer M. Dejarlo. n.d. *Compilation of Edukasyon sa Pagpapakatao Contextualized DLL*. Biliran, Leyte: DepEd Division of Biliran.

Avena, Lorenza, and et.al. 2007. *Gintong Pamana Wika at Panitikan: Batayang Aklat sa Ikatlong Taon.* Quezon City: SD Publications Inc.

Department of Education. n.d. *Edukasyon sa Pagpapakatao 5: Contextualized Learning Resources.* Philippines: Department of Education.

Department of Education. 2016. *K to 12 Curriculum Guide in Edukasyon sa Pagpapakatao: Grade 5*. Philippines: Department of Education.

Department of Education. n.d. *Regional Test Item Bank in Edukasyon sa Pagpapakatao 5.* Philippines: Department of Education.

Instructional Materials Incorporation (IMC). 1992. *Edukasyon sa Pagpapahalaga III: SEPD Series.* Quezon City: Instructional Materials Incorporation (IMC).

Ylarde, Zenaida R, and Gloria A Peralta. 2016. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon.* Quezon City: Vibal Group Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph